



VOLUME 5 ISSUE 2 | JULY TO DECEMBER 2022 | ISSN 2719-0293

ATING KAUGNAY

THE OFFICIAL PUBLICATION OF AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE - REGIONAL TRAINING CENTER 5



Ang
ROSELLE *sa*
Hardin ni Manuel

READ ON PAGE 8



ATI Bicol

PAGE 1 | DA-ATI Bicol holds National Training on Coconut GAP

PAGE 3 | DA-ATI Bico Concludes SLTOT on ICM in Vegetable Production

PAGE 18 | DA-ATI Leads in HVCDP, Third in Rice, RCEF

INSIDE

NEWS

- DA-ATI Bicol Hosts National Training on Coconut GAP **1**
- 28 AEWs, Nagtapos sa SLTOT on ICM in Vegetable Production **2**
- DA-ATI Bicol Concludes SLTOT on ICM in Vegetable Production **3**
- DA-ATI Bicol Empowers 4H'ers Through Leadership and Organizational Management Training **4**
- 5 Miyembro ng 4-H, Nasa Taiwan Para sa 11-Buwan na Internship **5**
- DA-ATI Bicol Spearheads Culminating Activity for CBSUA OJTs **6**
- DA-ATI Bicol, Gen-Z Young Farmers, Ink MOA on Gardenscape **6**
- DA-ATI Bicol, Iriga City District Jail Promote Community Urban Garden **7**
- DA-ATI Bicol Inks MOA with DAR et al. for FBS Project **7**
- 20 AEWs, ATI Staff Complete Resource Person Development Training Course **10**
- DA-ATI Bicol Capacitates F2C2 Farmer Leaders on Farm Business Management **11**
- DA-ATI Bicol, Office of Senator Grace Poe Launched Binhi ng Pagasa in Camarines Norte **12**
- DA-ATI Bicol Inilunsad ang National Rice Awareness Month, Organic Agriculture Month **13**
- 21 LSA, Farm School Trainers, Nagtapos sa DAC **14**
- DA-ATI Bicol, Naga City Ink MOA on Techno-Gabay Program **14**
- DA-ATI Bicol, Naga City Ink MOA on Techno-Gabay Program **15**
- DA-ATI Bicol Supports End VAW Campaign **16**
- Handicraft Training Capacitates 18 Farmers with Physical Disability **17**
- PAF-ESP Council Nagsagawa ng Audit at Performance Evaluation sa Sonrisa Farm **17**
- DA-ATI Bicol Nakisasa sa International Coastal Clean-Up **18**
- DA-ATI Bicol, Nagbigay-Handog Sa Coastal Communities **18**
- 2022 Year-ender: Masaya, Makahulugang Gabi ng Parangal **19**
- DA-ATI Bicol Leads in HVCDP, Places Third in Rice, RCEF **20**
- DA-ATI Bicol hailed for SOA, e-Learning **20**

FEATURE

- Ang Roselle sa Hardin ni Manuel **8**

DA-ATI Bicol Hosts Nat'l Training on COCONUT GAP

PILI, Camarines Sur – The Department of Agriculture-Agricultural Training Institute in Region V (ATI Bicol) hosted the National Training of Trainers (TOT) on Good Agricultural Practices (GAP) for Coconut spearheaded by the Agricultural Training Institute-Central Office (ATI-CO). This took place on November 7-11, 2022 at the ATI Bicol Compound in Pili, Camarines Sur as well as various coconut farms and processing centers.

In her welcome remarks, ATI Bicol Center Director Elsa Parot expressed her delight.

“We are more than honored to be selected as host (of the training).”

Meanwhile, Regional Manager Mateo Zipagan of the Philippine Coconut Authority (PCA) exhorted the participants, “After the training, you share. ‘Yun lang hinihingi namin. Just the smile of the people we work with, enough na ‘yun. Walang kasing sarap ang pasasalamat ng coconut farmers.”

An intervention under the Coconut Farmers and Industry Development Plan (CFIDP), the activity answered the need to ensure food safety and quality of coconut-based products and by-products, as well as environmental protection and workers’ health, safety, and welfare.

In a recorded video message, ATI Director Remelyn Recoter stressed the commitment of the Institute to capacitate the coconut industry stakeholders through TOT. “Those who will complete the course will be able to pay it forward.”

Participants in the National TOT comprised ATI and PCA trainers in various regions. They shall conduct regional-level training to equip the CFIDP implementing agencies as well as farmer-leaders and Agricultural Extension Workers of Local Government Units.

Key officials of PCA Central and Regional Offices, as well as of the Bureau of Plant Industry, served as Resource Persons.

The TOT graduates shall comprise the new pool of trainers equipped with the proper knowledge and skills on GAP. They shall share information effectively and lead activities that will reinforce the training. They shall coach and mentor trainers who are less experienced in delivering topics on GAP. **Primalou B. Imperial**



About the Cover

This edition features Salvacion Garchitorena, the owner of Manuel's Garden, a certified Learning Site of Agriculture of ATI Bicol which is located at Goa, Camarines Sur



28 AEWs, Nagtapos sa SLTOT on ICM in Vegetable Production

PILI, Camarines Sur – Dalawampo't walong Agricultural Extension Worker ang nagsipagtapos sa Season-Long Training of Trainers on Integrated Crop Management in Vegetable Production.

Ang pagsasanay ay nag-umpisa noong Hunyo 20 at nagtapos sa pamamagitan ng engrandeng graduation noong Oktubre 14 ng kasalukuyang taon at ginanap sa ATI compound sa San Agustin, Pili, Camarines Sur.


Si ATI Bicol Center Director Elsa Parot ang nagdeklara sa kanilang bilang graduate. "Matagal kayong nangalap ng karunungan. Panahon na para ipamahagi nyo ito," ito ang naging hamon ni Director Parot.

Sa loob ng apat na buwan, ang mga nagsanay na nang-galing pa sa anim na probinsya ng Bikol, ay lumikom ng mga kaalaman tungkol sa crop establishment, cultural management, pest management and disease control, integrated nutrient management, agri-ecological system analysis, integrated crop management practices, harvesting and post-harvest handling, climate change, at iba pa.

Meron ding talakayan sa mga social technologies gaya ng transformational leadership, entrepreneurship, value-adding, marketing, extension competency, extension project management, project planning and proposal writing, farm record keeping at financial literacy.

Kanila ring in-apply ang kanilang mga kaalaman sa pamamagitan ng pagtanim mismo ng gulay. Sila'y ihinati sa limang grupo ayon sa gulay na pinag-aaralan. Ito ang talong, ampalaya, sili, kamatis at sitaw. May tatlong plot ng lupa silang tinamnan gamit ang iba't ibang klase ng nutrisyon sa Participatory Technology Demonstration area.

At kanila ring ibinahagi ang kanilang mga natutunan sa mga magsasaka sa pamamagitan ng Farmers Field School o FFS. Binigyan ang bawat grupo ng mga piling barangay. Ito ang mga barangay ng Bagong Sirang, Curry at Tinangis sa Bayan ng Pili; at mga barangay ng Cararayan at Pacol sa Lungsod ng Naga.



Si Maria Nenita Cordova ng LGU-Calabanga, Camarines Sur, hinirang bilang Valedictorian.

Maliban sa mga nabanggit, gumawa rin sila ng Barangay Development Plan. Sumailalim sila sa micro-teaching. Ibinahagi din nila ang resulta ng kanilang PTD. Nagtayo din ang bawat grupo ng booth na nagtatampok ng kanilang mga pananim.

Para mas lumawak pa ang kanilang kaalaman at pananaw, binisita rin nila ang mga farm, processing plant at bagsakan center sa mga Rehiyon ng Calabarzon, Ilocos at Cordillera Administrative Region (CAR).

Sa pagtatapos, hinirang na valedictorian si Maria Nenita M. Cordova ng LGU-Calabanga, Camarines Sur. Si Jean Marlo M. Medes ng LGU-Guinobatan, Albay naman ang Salutatorian.

- Ang mga iba pang nagsipagtapos ay sina:
- Engr. Jay Q. Canaria- OPAG Cam. Norte
 - Engr. Ailine M. Llagas- LGU-Daraga, Albay
 - Raymod E. Jubilo- LGU-Sipocot, Cam. Sur
 - Karen B. Antuerpia- LGU-Matnog, Sorsogon
 - Angelica Z. Canaria- LGU-Basud, Cam. Norte.
 - Jinky E. Bisenio- LGU-Baao, Camarines Sur
 - John Paul A. Bongalon- LGU-Tabaco City, Albay
 - Maria Teresa B. Bracia- OPAG, Camarines Sur
 - Jayson V. Capistrano- LGU-Bagamanoc, Catanduanes
 - Maricel C. Copino- LGU-Tiwi, Albay
 - Jackelou D. Danao- LGU-Masbate City, Masbate
 - Engr. Cleolaine C. Garbo- LGU-Monreal, Masbate
 - Christine D. Labitag- LGU-Sorsogon City, Sorsogon
 - Hal I. Magdaong- LGU-Buhi, Camarines Sur
 - Rowena R. Martinez- LGU-Pamplona, Camarines Sur
 - Annie Jane S. Mondares- OPAG, Masbate
 - Karen Joy P. Morco- OPAG, Sorsogon
 - Roger T. Olesco- OPAG, Catanduanes
 - Christine L. Palad- OPAG, Camarines Norte
 - Joseph Micko B. Prieto- LGU-Virac, Catanduanes
 - Juan Paulo V. Soriao- OPAG, Catanduanes
 - Isagani C. Valenzuela, Jr.- ATI Bicol
 - Raissa B. Vargas- LGU-Ligao City, Albay
 - Dyana D. Villaflores- LGU-Paracale, Camarines Norte
 - Jasmin V. Villanueva- LGU-Ocampo, Camarines Sur
 - Edionito C. Ylaran- LGU-Cawayan, Masbate

Continue reading on page 16

DA-ATI Bicol Concludes SLTOT on ICM in Vegetable Production

PILI, Camarines Sur —

Gather knowledge to scatter. Do not forget your experience here. The journey may be bumpy, pero pwede siyang pasayahin. Huwag susuko.

Ito ang tagubilin ni ATI Bicol Center Director Elsa Parot sa 28 Agricultural Extension Workers (AEWs) sa kanilang pagtatapos sa Season-Long Training of Trainers (SL-TOT) on Integrated Crop Management (ICM) in Vegetable Production.

Ang pagsasanay ay isinagawa sa ATI Bicol sa loob ng apat (4) na buwan. Ang practicum Farmer Field Schools (FFS) ng mga kalahok ng SL-TOT

ay ginanap sa limang (5) barangay – ang Pacol at Cararayan sa Naga City, gayundin ang Bagong Sirang, Curry, at Tinangis sa Pili, Camarines Sur. Sa ganitong paraan, sabay na nagsanay ang 28 AEWs at 123 magsasaka na tinuruan nila hindi lamang sa loob ng silid-aralan kundi lalo na sa aktwal na pagtanim sa Participatory Technology Demonstration Area (PTDA).

Ang SL-TOT on ICM ay inilunsad ng Agricultural Training Institute (ATI) upang mabigyan ng kapasidad ang mga AEWs bilang tagapagsanay sa High-Value Crops Development Program (HVCDP).

Ito ay naisagawa sa paki-

kipag-tulongan ng Department of Agriculture-Regional Field Unit (DA-RFU) at iba't ibang Local Government Units (LGUs) kung saan nagmula ang mga SL-TOT facilitators, resource persons, at participants o kalahok.

Samantala, sa kanyang Keynote Message, kinilala ni Dr. Mary Grace Rodriguez ang kahalagahan ng pagsasanay. Bilang representante ni DA-RFU Regional Executive Director Rodel Tornilla, gayundin bilang hepe ng DA-RFU Field Operations Division at HVCDP Regional Coordinator, nagbigay ng hamon si Dr. Rodriguez sa mga nagtapos ng SL-TOT.

Continue reading on page 16



DA-ATI Bicol Empowers 4H'ers Through LEADERSHIP AND ORGANIZATIONAL MANAGEMENT TRAINING



"The Filipino youth is a key driver to ensure the attainment of a food-secure and resilient Philippine agriculture, leading to a better performing economy, today and in succeeding years,"

Former DA Sec. William Dar


The Agricultural Training Institute (ATI) as the lead agency in implementing the 4-H Club Youth Development Program, is mandated to empower the youth and continuously provide capability-building programs and other extension support. Thus, Leaders of the 4H clubs are selected to represent their organizations in the community, ensuring participation in policy formulation and implementation of agricultural development programs intended for its members. However, the success of agricultural development through the 4H organization is

highly reliant on the involvement of its members and their respective commitment to the shared vision of the 4-H Club (effective, constructive, and efficient extension services provided by different government agencies). Therefore, the accomplishment of this mission is based on three principal functions, consultation, information, and training of leaders.

For the past two years since the pandemic, 4-H club activities were temporarily suspended, thus affecting the organization's productivity

and accomplishment in the Region. This training workshop packaged of various topics and activities which to reinvigorate the organization of the newly elected provincial officers from the six (6) Bicol provinces. The training enhanced their leadership and organizational management skills and motivated them to work together thru team-building activities. The activity also served as a venue for the regional officers to formulate strategic plans, review the organization's constitution and bylaws and elect a new set of officers at the regional level.

The training was participated by a total of fifty (50) participants composed of five (5) 4-H Club Provincial Officers from each of the provinces, Provincial Coordinators, and Volunteer Leaders. **Marjhan V. Ramboyong**



5 Miyembro ng 4-H, Nasa Taiwan Para 11-buwan na Internship



Lumipad na patungong Taiwan ang limang kabataang Bikolano na kasapi ng 4-H Club. Sila ay bahagi ng pangalang batch ng Filipino Young Farmers Internship Program in Taiwan o FYFIPT.

Ang mga ito ay sina:

1. Julius Atacador ng Palanas, Masbate
2. Mark Dave Regalario ng Oas, Albay
3. Mar Cecina ng Tigaon, Camarines Sur
4. Dahrel Biand ng Bula, Camarines Sur
5. Danielle Henessy Morales ng Goa, Camarines

Ang programa ay kasunduan sa pagitan ng Agricultural Training Institute Central Office, Manila Economic and Cultural Office (MECO) at Taipei Economic and Cultural Office in the Philippines (TECO) para sa pagpapadala ng mga kwalipikadong kabataang Pil-



Ang limang miyembro ng 4-H na naging bahagi ng Filipino Young Farmers Internship Program in Taiwan.

ipinong magsasaka sa Taiwan sa pamamagitan ng isang internship program. Layunin nito ang hubugin bumuo ang mga karapat-dapat na kabataang Pilipinong magsasaka na maging lider at mahusay na negosyanteng sa agrikultura.

Ang internship program ay binubuo ng pagtataguyod ng mga kasanayan at kaalaman sa pamamagitan ng pagpapalitan ng mga makabagong

pamamaraan sa agrikultura at pangangisda, mga estratehiya at mekanismo sa marketing, pamamahala ng kooperatiba at pagpapahusay ng mga kakayahan, disiplina at values.

Ang limang kabataan ay sumailalim sa mga pangrehiyon at pambansang pagsusulit, interview, field validation, pagsusuring medikal at Pre-Departure Orientation Course bago sila natanggap sa programa. Sila ay magtatagal sa Taiwan ng 11 buwan. **Isagani C. Valenzuela, Jr.**

DA-ATI Bicol Spearheads Culminating Activity for CBSUA OJTs

"Thank you so much for giving ATI a place in your heart. The fact that some of you are a bit emotional means a lot to us. It means that natuhog namin ang puso nyo. Yun ang importante sa development work, dapat tamaan muna ang puso bago ang utak, and all things will follow."

Sa mga salitang ito ni ATI Bicol Center Director Elsa Parot, masaya bagama't emosyonal na nagtapos ang sampong estudyante mula sa Central Bicol State University of Agriculture (CBSUA) sa isang buwan na On-the-Job Training (OJT) nila sa ATI. Ang Culminating Activity ng 2022 CBSUA Midyear OJT Training ay ginanap noong ika-5 ng Agosto 2022 sa Calaguas Hall, ATI Bicol, San

Agustin, Pili, Camarines Sur.

Dagdag pa ni Ma'am Elsa, "Kung masuwerte kayo, mas masuwerte kami dahil napakarami naming natutunan at napakinabangan from you. Salamat dahil pinaramdam nyo sa amin na marami rin pala kaming na-contribute sainyong wellbeing." **Primalou B. Imperial**





DA-ATI BICOL, GEN-Z YOUNG FARMERS, INK MOA ON GARDENSCAPE

GEN-Z Young Farmers Association is now an official partner of the ATI Bicol Gardenscape under the Urban Agriculture program.

Officiating in the partnership were ATI Bicol Center Director Elsa A. Parot, Justine Rose Cano-Tubig (UA/OA focal person), Juan Paulo Acopio (technical staff), Punong Barangay Ricardo G. Laura, 4-H Club members and their parents, Bernard E. Gomez (Brigada Eskwela Coordinator) and Al Alcantara (GPP Coordinator/4-H Club Coordinator).

"This project becomes a pro bono effort for me with a free chance to at least help the community and the school. The students learn about and appreciate agriculture as a way of life. I was fortunate to be able to use one of the trustworthy sources – DA ATI as a reference for this agricultural instruction

in school. Since I have fallen in love with what I do—teaching agriculture—I believe this project should no longer be a requirement". Alcantara, GPP coordinator at Pili National High School in Magallanes, Sorsogon, made the statement. He said that the pandemic created new opportunities to establish the farm and reconnect with nature. This will be remembered as a magnificent historical occurrence.

The OA/OA Focal Person, Ms. Justine Rose C. Tubig, outlined the young farmers, parents, teachers, and ATI Bicol's obligations under the MOA. "I hope that the tools and inputs will serve as the start of sustaining the urban garden and will soon transform to LSA (Learning Site for Agriculture). This project will be a channel for providing income and ATI-RTC V will assist in sustaining the endeavor since we are witness to the willingness of the young farmers in this community," Ms. Tubig said.

"I started with three containers and developed them

with the knowledge, skills, and attitude I acquired throughout our course on organic agriculture, as well as via the support of the teachers and my classmates, and I found farming to be an adventure," said Jesus Francisco Enteria, or Kiko, president of The Gen-Z Young Farmers Association-4H Club.

"DA-ATI Bicol Center Director Elsa Parot's message brightened the mood during the MOA signing. "We came because of what you accomplished, and we are thankful for the opportunity. To be honest, I envy the parents because your children uses their time productively. This is the beginning of this significant venture since, as Kiko mentioned, he started with three containers in his garden, implying that you may start small but think big. This program aims to teach young people how to cultivate and provide food. Continue to enjoy what you're doing and learn more about agriculture." **Juan Paulo Acopio**



DA-ATI Bicol, Iriga City District Jail Promote COMMUNITY URBAN GARDEN

PILI, Camarines Sur –

Uusbong ang mga seeds dito sa loob ng District Jail. Kayo ang nagbibigay ng inspirasyon sa amin kung bakit namin ginagawa ang aming mga ginagawa

DA-ATI Bicol Director Elsa A. Parot said on her message during the MOA Signing.

The Department of Agriculture's Agricultural Training Institute – Regional Training Center V (DA-ATI Bicol), Local Government Unit of Iriga City and Iriga City District Jail inked a Memorandum of Agreement

on the Gardenscape: Establishment of Community Urban Agriculture Garden for Persons Deprived on Liberty (PDLs) on October 21, 2022.

According to Justine Rose C. Tubig, DA-ATI Bicol Urban Agriculture Point Person, the project aims to establish a communal garden or container gardens inside the District Jail. Specifically, it aims to: promote organic vegetable production in the community; establish and showcase urban garden or network of container; and

instill the value of urban gardening for the purpose of food availability and security in the household.

The DA-ATI Bicol also provided IEC materials and garden tools such as plastic mulch, seedling trays, sprinklers, rake, shovels, spades, tire wires, big drums, garden hose, vegetable seeds and vermicast. DA-ATI Bicol Director Elsa A. Parot signed the MOA. She was joined by District Jail Warden J/CISNP Atty. Rodolfo L. Verzosa and Administrative Officer II Marly Corporal. **Christian T.R. Tosoc**

DA-ATI BICOL INKS MOA WITH DAR ET AL. FOR FBS PROJECT

GARCHITORENA, Camarines Sur – The DA-ATI has inked a memorandum of agreement (MOA) with the Department of Agrarian Reform, together with the Municipal Local Government of Garchitorea and the Department of Agriculture, for the training and other extension services of their Agrarian Reform Beneficiaries (ARBs) in Garchitorea, Camarines Sur.

Also included in the MOA was the Pag-iribang Paraoma Asin Parasirakan Del Pilar (PPAPDEL), an ARB Organization.

The MOA calls for collaboration in implementing Farm Business School (FBS) in two selected communities in the said town. The FBS is a season-long extension scheme to help farmers build their knowledge, enhance their skills and adjust their attitudes to make their farms profitable through practice and learning.

Garchitorea Mayor San Luis expressed her delight over the partnership as it aims to improve the living conditions in

her town, which she described as the poorest town in the province. She also sought to reverse the prevailing trend in her town, which have to source its food requirements from nearby towns.

ATI Bicol Elsa Parot was represented by Information Officer, Isagani Valenzuela, Jr. Other signatories were Engr. Rodel Martirez, OIC Provincial Agrarian Reform Program Officer I, Mr. Marcial Bustarga of DA-RFO 5 and Mr. Allan Bensing, President of PPAPDEL.

The MOA signing was held at Del Pilar, Garchitorea, Camarines Sur last September 20, 2022. **Isagani C. Valenzuela, Jr.**



Ang ROSELLE sa Hardin ni Manuel

ROSELLE. ROSELLE?

Hindi kilala ang tanim na ito sa Bicol. Hindi ito endemic sa rehiyon. Hindi ito pinapansin. Sabi nga ni Ginang Salvacion Garchitorea, may-ari ng Manuel's Garden Integrated Farm, "Hindi ito kilala pa ng ibang tao dito sa atin. Walang bumibili nito sa palengke. Kaya hindi nila pinag-iinteres ang mga bunga nito."

Pero para kay Ginang Salvacion o 'Basing', ito ang tatak nila. Dito sila kilala at mas nakilala.

UMPISA

Nag-umpisa sila sa 10 seedlings na dinala ng agriculture technician sa kanilang bayan. Ngayon, umaabot na ito sa mahigit 300. At nagpapalano pa silang mag-tanim sa ibang lugar dahil kinukulang na sila ng pinoprosesong bunga ng roselle.

Ang Manuel's Garden ay nag-umpisa noong 2013. Kwento ni Ginang Basing, "Itong lote na ito ay nahati-hati sa magkakapatid. May napunta sa asawa ko, si Manuel. Kaya ito na rin ang pinagsimulan namin. Ito ay masukal na kagubatan, mga kadamuhan."

Inunti-unti nilang mag-asawa. Nilinis. Tinaniman. Lumago.

Maliban sa roselle, may natatamnan itong palay, saging, at mga gulay. May alaga silang hayop tulad ng baboy at manok. May fishpond din ng tilapia.

PRODUKTO

Marami nagawang produkto galing sa roselle. May alak, juice, prunes, jam at tsaa. May chilli sauce din na may halong roselle.

Batid ni Aling Basing na malaki ang tulong ng halaman sa kalusugan. "Very rich in calcium ang roselle. Kaya marami ang bumibili sa amin nito." Maliban sa mga taga-Goa, umabot na rin ang produkto nila sa Amerika at Middle East.

Pero hindi lamang roselle ang kanilang mga pino-proseso. Mayroon silang tsaa na gawa sa banaba, serpentina, blue ternate na may tarragon, malunggay, bayabas, lagundi, at LPT (Lakad-bulan, Pandan at Tanglad). May taro chips, tablea, at passion fruit juice din. Gumawa na rin sila ng suka galing sa saging.

Ayon kay Aling Basing, marami pa siyang idadagdag.

ORGANIC AGRICULTURE

Sa kanilang tagumpay sa pagsasaka, malaki ang naging ambag ng lokal na pamahalaan ng Goa, Camarines kung saan ang Manuel's Garden matatagpuan. Ito nga ang nagsulong sa kanila sa organic agriculture. "Inimbitahan kami ni Ma'am Arlene Dayo sa seminar sa organic farming. Kasi sya ang organic focal person ng LGU." Si Ginang Arlene Dayo ay naging Outstanding Municipal Focal Person for Organic Agriculture national awardee dahil sa pagsusulong niya ng programa sa kanyang munisipyo. Maliban dito, umalalay din ang Goa Agri-Producers and Processors Association o GAPPA, ang samahan ng mga magsasaka sa kanilang lugar na natanghal bilang National Outstanding Organic Agriculture Farmers' Group. Ang GAPPA ay itinuturing ng Manuel's Garden bilang 'Big Brother.'

PAGSUBOK

Sabi ni Ginang Basing, sa simula pa lang ay organic farming na ang isinasagawa sila. Hindi na dumaan ang farm sa conversion mula conventional patungo sa organic farming. Nakatulong ito sa kanilang gastusin lalo na at malaki ang itinaas ng presyo ng mga synthetic na abono. Ganun

pa man, aminado sya na may kahadlangan din sa paggamit nito. "Maraming challenges sa pag-adopt ng organic farming. Ang number one na kalaban ang mga damo. Hindi kami nag-spray. Ang mga katabi namin nag-i-spray ng mga kontra-damo, pampatuyo ng damo, kami hindi."

Taglay ang mga nalalaman sa iba't ibang natural na concoctions, ginagamit ni Ginang Basing ang mga ito sa pagpalago ng mga pananim at paglaban sa mga insekto.

"Ang mga pang-abono namin at mga pamatay peste ay ginagawa lang namin. Gumagawa kami ng mga concoction na OHN (Oriental herbal Nutrient) panlaban sa peste. Tapos yung Fermented Plant Juice (FPJ) galing sa mga nitrogen-rich na dahon, pini-ferment namin, ini-spray namin para pang-abono. Gumagamit kami ng eggshell na ibinababad sa suka. During fruiting stage, ginagamit namin yan para ma-boost ang pagbubuklak.

"Ang panlaban namin sa mga peste, number one: dapat laging bisitahin. Nag-uumpisa pa lang, ina-aplayan na namin ng OHN ang mga tanim. Kung medyo

marami na ang infestation, inaalís namin. Binubunot na namin. Inaalís na namin,"sabi ni Ginang Basing.

LSA

Dahil sa ipinamalas ng Manuel's Garden sa organic farming at pagproseso ng mga produkto mula sa nakatanim dito, hinikayat sila ng LGU-Goa at GAPPA na mag-apply bilang Learning Site for Agriculture (LSA) ng ATI. Noong Nobyembre nang nakaraang taon, nasertipikahan sila bilang LSA.

Sa kasamaang palad, hindi na inabot ng kanyang asawa ang okasyon. Pumanaw ito isang buwan bago naging LSA ang kanilang farm, na pinangalan mismo sa kanya.

Masama man sa loob, itinu-loy pa rin ni Aling Basing ang pangarap na sabay nilang binuo ng kanyang asawa. Sa ngayon, katuwang nya dito si Jeric, isa sa tatlong anak nila.

HINAHARAP

Agresibo ang Manuel's Garden sa pagsulong ng kanilang mga produkto. Bumibista sila sa mga paaralan. Sumasali sila sa mga trade fair. Maingay na din sila sa social media.

Para mas lumago pa, dumudulog sila sa ibang ahensya ng gobyerno. Isa na dito ang Department of Trade and Industry. Ayon kay Aling Basing, "Ang priority namin ay makagawa kami ng processing plant, isang building para magsilbing processing area, para lang sa pag-process ng mga product."

May mga lumapit din sa kanila. Binisita sila ng Bureau of Fisheries at Aquatic Resources para maisaayos ang kanilang fishpond, at ang Department of Tourism para maging angkop ito bilang farm tourism site.

Sa kasalukuyan, pinaghahandaan nila ang aplikasyon sa Participatory Guarantee System PGS para opisyal na mahirang na organic farm. Magiging selyo ito sa pagiging organiko ng kanilang mga produkto.

Malaki ang tiwala ng Manuel's Garden na paunti-unti, makakamit nila ang kanilang pangarap, katulad ng pag-umpisa nila sa pagtanim ng roselle.

Kapag may nagtatanong tungkol sa halamang roselle, karaniwang sagot ng mga nakakakilala sa kanila, "Marami nyan sa Manuel's Garden."

Malayo-layo na nga ang narrating ng roselle sa hardin ni Manuel. Isagani C. Valenzuela, Jr.

20 AEWs, ATI Staff Complete Resource Person Development Training Course

PILI, Camarines Sur – The Department of Agriculture -Agricultural Training Institute-Regional Training Center V (DA ATI-Bicol) is the knowledge bank, catalyst, enabler, and lead agency in professionalizing the Philippine Agricultural Extension System. The institute recognizes the Local Government Units (LGUs) as one of the most important resources in the agriculture sector, as they are one of the pillars of extension that play a role in the implementation of various programs, projects, and activities directly to the farmers, fisherfolk, agri-processors and other actors in the agricultural value- chain.

Thus, appropriate training was continuously provided to support and upgrade the Agricultural Extension Workers'

(AEWs) capacity.

Thus, the DA-ATI conducted five (5) days of training on Resource Person Development Training Course last June 27–July 1, 2022, at Calaguas Hall, ATI–RTC V, San Agustin, Pili Camarines Sur. This training generally aimed to improve the knowledge, skills, and attitude of the participants on the proper and effective delivery of extension services to the participants.

There were twenty (20) participants, sixteen (16) AEWs from different provinces, and four (4) ATI Bicol staff. The participants showed outstanding performances in the micro-teaching, discussing their chosen topic while applying the concepts, principles, and techniques they learned from the training. In

addition, the RPs served as the panelists of the activity and provided the participants with constructive criticisms to further improve their capacities as trainers.

Selected participants from each province expressed their learnings and insights in training wherein they commonly expressed their gratitude, KSA acquired, and their plans to do after the training.

The participants received training certificates with (18) Continuing Professional Development (CPD) points during graduation. In addition, the training was successfully ended with an excellent average rating for Resource Persons and an excellent rating for their Overall Training Experience. **Alexander O. Vargas**

DA-ATI Bicol Capacitates F2C2 Farmer Leaders on FARM BUSINESS MANAGEMENT



NABUA, Camarines Sur

– Aimed at capacitating the farmer leaders under the Farm and Fisheries Clustering and Consolidation (F2C2), the DA-Agricultural Training Institute Regional Training Center V (DA-ATI Bicol) in collaboration with the Department of Agriculture Regional Field Office No. 5 conducted a three-day Training on Farm Business Management.

